Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
SCHOOLS DIVISION OF BAGUIO CITY

DepED DIVISION OFFICE BAGUIO CITY
RELEASED
AUG 0 5 2026
By: JDM
Time: CTRL No.:

03 Agosto 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 499 - 2026

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

Sa mga: Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Hepe ng CID at SGOD
Pandistritong Tagapamanihala ng mga Paaralang Publiko
Tagamasid Pansangay sa Iba't ibang Asignatura
Punong-Guro ng Publiko at Pribado

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ipinagdiriwang ang taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1–31 Agosto. Kaugnay nito, pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Sangay ng mga Paaralan, Lunsod ng Baguio ang pakikibahagi sa selebrasyon.

2. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 ang sumusunod:
    a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041;
    b. mahikayat ang iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at pribadong sektor na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
    c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
    d. maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026, ang tema ay **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon,** na naglalayong isulong ang estratehikong integrasyon ng AI applications at websites bilang katuwang sa pagkatuto. Iminumungkahi na ang paggunita sa Buwan ng Wikang Pambansa 2026 sa mga paaralan ay **classroom-based**. Ang pagdiriwang ay inaasahang maisasama sa mga gawain sa pagtuturo at iba pang gawain sa pagkatuto na nakahanay sa kurikulum upang mapanatili ang sapat na oras para sa paglinang ng mga kasanayan sa mga mag-aaral (integrasyon sa pagtuturo). Narito ang mga mungkahing gawain:

| **Baitang** | **Gawain** | **Layunin** |
|---|---|---|
| Unang Yugto (Kindergarten hanggang | **Likhawento** | Makabuo at makapagsalaysay ng kuwento upang malinang ang pagkamalikhain at |

| | | |
|---|---|---|
| Baitang 3) | Likhawento | kasanayan sa wika |
| Ikatlong Yugto (Baitang 7 hanggang 10) | DokyuWento | Makalikha ng makabuluhang dokumentaryong nagsasalaysay ng mga karanasan, isyu, o kulturang may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang |
| Ikaapat na Yugto (Baitang 11 hanggang 12) | AI-Saliksik | Magamit ang makabagong teknolohiya at (AI) bilang katuwang sa masusing pananaliksik at paglikha ng mga makabuluhang akademikong output |

4. Pára sa iba pang detalye, impormasyon, katanungan o paglilinaw. Maaaring makipapag-ugnayan kay **Dr. JULIET C. SANNAD, Chief-EPS, Curriculum Implementation Division** sa telepono bilang 619-3491.

5. Hinihiling ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**SORAYA T. FACULO, PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
SCHOOLS DIVISION OF BAGUIO CITY

**(Kalakip mula sa Memorandum Pansangay Blg ___s. 2026)**

Ang mga kawani ng Schools Division, Lunsod ng Baguio ay magsasagawa ng Panapos na Pagdiriwang ng 2026 Buwan ng Wika sa Agosto 27, 2026. Narito ang mga nakatakdang gawain:

| Oras | Gawain | Tuon/Elemento ng Kolaborasyon |
|---|---|---|
| **08:00-8:30nu** | **Panimulang Gawain** | Lahat ng komunikasyon ay ipahahayag sa Filipino. Filipino lang. (Pormal, Inpormal, Administratibo). |
| **08:30-10:30 nu** | **Palihan sa Filipino** | Panimulang Palihan sa kontekston **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon"** |
| **10:30-11:OO nu** | **Pamantayan sa mga Patimpalak** | 1. Spoken Poetry<br>2. Interpretatibong Sayaw |
| **12:00 – 1:00nt** | **Tanghalian ng Wika (Working Lunch)** | Salosalo sa hapag kainan . Kung saan ang interaksyon ay sa wikang filipino. |
| **01:30-2:00 nh** | **Interpretatibong Sayaw** | Kolaboratibong gawain sa pamamagitan ng Interpretatibong Sayaw |
| **03:30 nh** | **Pagtatapos** | Pag-aanunsiyo ng nanalo. |

Magkakaroon ng patimpalak na bahagi ng gawain. Ang pagsasama ng resulta ng spoken poetry at interprtatibong sayaw, ang magiging batayan para sa magwawagi ng una, ikalawa at ikatlong gantimpala.

Pamantayan sa SPOKEN POETRY

1. Pipili ng isang (1 )kalahok ang bawat grupo (OSDS, CID, SGOD at SEF) upang maging kalahok sa Spoken Poetry.
2. Ang paksa ng kanilang bibigkasin ay pag-ibig, pagkabigo, pag-asa at pasasalamat
3. Ang spoken poetry ay tatagal lamang ng 4 na minute
4. Maaaring pumili ng musika para background habang nagsasalita.
5. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal.

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
**Address:** 82 Military Cutoff Rd, Baguio, Benguet, 2600
**Telephone No.:** (074) 665-1231
**Email Address:** baguio.city@deped.gov.ph
DepEd Tayo Baguio City https://depedpines.com

## Mga Pamantayan sa Spoken Word Poetry

| Pamantayan | Puntos | Marka |
|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>• *Kakayahang maipahayag ang mga saloobin at kaisipan ng napiling tauhan* | 10% | |
| **Pagbigkas**<br>• *Wastong pagbigkas ng mga salita (correct pronunciation)*<br>• *Tono, lakas at linaw ng boses (voice quality)*<br>• *Pagbibigay- diin (emphasis)* | 50% | |
| **Paraan ng Paglalahad (Presentation)**<br>• *Anyo (appearance)*<br>• *Tindig (posture)*<br>• *Kilos (gestures)*<br>• *Paggamit ng angkop na musika (background music)*<br>• *Tiwala sa sarili (confidence)* | 40% | |

Pamantayan sa Interpretatibong Sayaw:

1. Pipili ang bawat grupo (OSDS, CID, SGOD at SEF) ng 15-20 kalahok para sa Inyerpretatibong Sayaw.
2. Ang piyesa na kanilang sasayawin ay maaaring nakatuon sa pagpupugay sa Panginoon, Makabayan at Sumasalamin sa pang-araw-araw na buhay.
3. Ang sayaw ay tatagal lamang ng 4-5 minuto.
4. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal.

**Pamantayan:**

**Interpretasyon..........35 pts.**
**Kaisahan ng Kilos at Galaw..........20 pts.**
**Pagkamasining..........30 pts.**
**Kostyum at Props..........10 pts.**
**Introduksyon..........5 pts.**

**KABUUAN..........100 puntos**


Address: 82 Military Cutoff Rd, Baguio, Benguet, 2600
Telephone No.: (074) 665-1231
Email Address: baguio.city@deped.gov.ph
DepEd Tayo Baguio City https://depedpines.com